# Paniningil ng toll sa estado ng Washington

## Paano gumagana ang sistema

Magagamit ng lahat ang toll road sa Washington.

Kung mayroon kang ***Good To Go!*** account, direktang sisingilin ang toll dito. Kung wala kang account, ipapadala ang bayarin sa nakarehistrong may-ari ng sasakyan pagkatapos mong dumaan sa toll road.

Magbabayad ng toll ang lahat ng sasakyang gumagamit ng SR 520 bridge, SR 99 tunnel, SR 509 Expressway, at Tacoma Narrows Bridge.

Sa mga express toll lane ng SR 167 at I-405, may opsyon ang mga driver na magbayad ng toll para sa mas mabilis, mas maaasahang biyahe o magbiyahe nang walang toll kung maaabot nila ang mga kahilingan sa carpool.

## Mga pagpipilian sa pagbabayad ng toll

- ***Good To Go!*** pass – Tinitiyak nitong pinakamababang rate ang babayaran mo sa bawat toll road. Nagkakahalaga ng $5-$15 ang mga pass.
- ***Good To Go!*** Pay By Plate – Babayaran mo ang rate ng ***Good To Go!*** pass, at dagdag na 25 sentimo para sa bawat biyahe.
- Pay By Mail – Mas mataas ng $2 ang babayaran mo kumpara sa rate ng ***Good To Go!*** pass para sa bawat biyahe.

Kung natanggap mo ang bayarin sa koreo, pwede mo itong bayaran online sa MyGoodToGo.com, o sa telepono sa pagtawag sa customer service sa 1-866-936-8246.

## Kung paano magbiyahe nang walang toll bilang carpooler sa I-405 at SR 167

Para makabiyahe nang walang toll sa mga express lane ng SR 167 at I-405, dapat mayroon kang *Good To Go!* account, isang Flex Pass na naka-set sa HOV mode, at ang tamang bilang ng tao sa sasakyan para sa oras sa araw na iyon.




*Mapa ng mga toll road sa estado ng Washington.*

| Mga kahilingan sa carpool para sa mga express toll lane ng I-405 | | |
|---|---|---|
| Mga Umaga ng Lunes hanggang Biyernes | 5 AM — 9 AM | 3+ tao |
| Tanghali ng Lunes hanggang Biyernes | 9 AM — 3 PM | 2+ tao |
| Mga Hapon ng Lunes hanggang Biyernes | 3 PM — 8 PM | 3+ tao |

Ang mga express toll lane ng I-405 ay libre at bukas para sa lahat sa buong magdamag at katapusan ng linggo.

| Mga kahilingan sa carpool para sa mga express toll lane ng SR 167 | | |
|---|---|---|
| Lunes hanggang Biyernes at Sabado't Linggo | 5 AM — 8 PM | 2+ tao |

Ang mga express toll lane ng SR 167 ay libre sa lahat sa buong magdamag.

## Magtipid ng pera sa pamamagitan ng pagbubukas ng *Good To Go!* account

Makakatipid ka ng pera gamit ang *Good To Go!* account sa bawat toll road sa Washington. Libre ang pagbubukas ng account at aabutin lang ng wala pang 10 minuto.

- Makakatipid ng pera: Ang mga driver na may *Good To Go!* account at pass ay nakakatipid ng $2 sa bawat biyaheng may toll kumpara sa Pay By Mail.
- Makakatipid ng panahon: Piliin ang opsyon ng awtomatikong pagbabayad na pinakaangkop sa iyo para hindi ka mag-alala tungkol sa mga bayarin sa koreo.
- Libre ito: Walang buwanang bayarin at hindi kinakailangan ang paunang pagbabayad ng mga toll. Opsyonal ang pagbili ng *Good To Go!* pass.

### Mga uri ng *Good To Go!* account

- Pay As You Go: Pagkatapos mong magmaneho, awtomatikong sisingilin ang toll sa iyong credit card dalawang beses sa isang buwan. Libre ang pagbubukas ng account na ito.
- Pre-paid: Kinakailangan mong magpanatili ng prepaid na balanse kung saan ibabawas ang mga toll sa tuwing gumagamit ka ng toll road.
- Pansamantala: Pansamantalang account na nagpapahintulot sa iyo na magbukas ng account sa loob ng dalawang linggo at pagkatapos nito ay kusang magsasara ang account. Hindi mo kailangan ng pass para sa pansamantalang account, kailangan mo lang ang iyong plaka at credit card.

## Paano magbayad ng toll kung wala kang *Good To Go!* account

Makakabiyahe ka pa rin sa toll road kung wala kang *Good To Go!* account, at matatanggap mo ang bayarin sa koreo sa loob ng 30 araw matapos ang biyahe mo. Kung wala kang account, ipapadala ang bayarin sa nakarehistrong may-ari ng sasakyan pagkatapos mong dumaan sa toll road.

Madali lang ring kwestyunin ot tutulan ang bayarin online sa MyGoodToGo.com o tumawag sa customer service.

## Sa mga express toll lane ng SR 167 at I-405, may opsyon ang mga driver na magbayad ng toll para sa mas mabilis, mas maaasahang biyahe o magbiyahe nang walang toll kung maaabot nila ang mga kahilingan sa carpool.

Kung hindi mo babayaran ang toll mo hanggang sa takdang petsa, sisingilin ka ng $5 na bayad sa pagkaantala. Kung hindi mo babayaran ang toll mo sa loob ng 80 araw, makakatanggap ka ng abiso ng sibil na multa na $40 para sa bawat toll na hindi binayaran. Kung hindi reresolbahin ng may-ari ng sasakyan ang sibil na multa sa loob ng 20 araw, maaaring maglagay ng paghihigpit sa rehistro ng sasakyan ang Kagawaran ng Paglilisensya (Department of Licensing).

May programa ang WSDOT na pwedeng magtanggal ng mga bayad sa pagkaantala at multa nang isang beses basta't mabayaran mo ang orihinal na toll. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa programa, mangyaring tumawag sa customer service sa 1-866-936-8246.

## May mga tanong tungkol sa paniningil ng toll?

Kailangan mo ba ng tulong sa pagbubukas ng account o pagbabayad ng bayarin? Para magbukas ng account o magbayad ng toll, mangyaring magpunta sa website namin, MyGoodToGo.com.

Kung kailangan mo ng tulong sa ibang wika, mangyaring tumawag sa customer service sa 1-866-936-8246, kapag hiniling ay pwede kang iugnay ng mga kinatawan namin sa mga interpreter na nagsasalita ng higit sa 230 wika.

Paunawa sa Publiko kaugnay ng Titulo VI
Patakaran ng Kagawaran ng Transportasyon ng Estado ng Washington (Washington State Department of Transportation, WSDOT) na tiyaking walang sinuman, sa basehan ng lahi, kulay, bansang pinagmulan, gaya ng nakasaad sa Titulo VI ng Batas ng Karapatang Sibil ng 1964, ang hindi isasama, pagkakaitan ng mga benepisyo, o kaya naman ay makakaranas ng diskriminasyon sa ilalaim ng anuman sa mga programa at aktibidad nito. Ang sinumang naniniwala na nilabag ang kaniyang proteksyon sa ilalim ng Titulo VI, ay maaaring maghain ng reklamo sa Opisina ng Pagkakapantay-pantay at mga Karapatang Sibil (Office of Equity and Civil Rights, OECR) ng WSDOT. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga paraan ng pagrereklamo sa paglabag sa Titulo VI at/o impormasyon tungkol sa mga obligasyon namin laban sa diskriminasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa Coordinator ng Titulo VI ng OECR sa (360) 705-7090.

Impormasyon tungkol sa Batas para sa mga Amerikanong may Kapansanan (Americans with Disabilities Act, ADA)
Pwedeng makuha ang materyal na ito sa alternatibong format sa pamamagitan ng pag-email sa Opisina ng Pagkakapantay-pantay at mga Karapatang Sibil sa wsdotada@wsdot.wa.gov o pagtawag nang libre sa 855-362-4ADA(4232). Ang mga indibidwal na bingi o may kapansanan sa pandinig ay maaaring humiling sa pamamagitan ng pagtawag sa Washington State Relay sa 711.